

# MGA EPEKTIBONG KAGAMITANG PANTEKNOLOHIYA SA PAGTUTURO NG PANITIKANG FILIPINO

<sup>1</sup>ADELINE T. DEL-O; <sup>1</sup>EMMALYNE B. BUGTONG

<sup>1</sup>Student, Graduate School, Baguio Central University  
Baguio City, Philippines 2600

DOI: [10.47760/cognizance.2023.v03i12.021](https://doi.org/10.47760/cognizance.2023.v03i12.021)

## Abstrak

Ang layunin ng pag-aaral na ito ay masuri ang pangunahing gamit na kagamitang panteknolohiya ng mga guro sa Bauko sa pagtuturo ng Panitikang Filipino sa kanilang silid-aralan at pagkatuto ng mga mag-aaral. Layon nitong sagutin ang mga sumusunod na tanong: a) Ano-ano ang mga kagamitang panteknolohiya na karaniwang ginagamit ng mga guro sa pagtuturo ng panitikan? b) Gaano kaepektibo ang mga ito sa pagtuturo ng Panitikan? c) Ano-ano ang mga hadlang na nakakaapekto sa paggamit ng panteknolohiya sa pagtuturo ng Panitikan? Sa pamamagitan ng deskriptibong pamamaraan ng pag-aaral, nilarawan ang mga kagamitang panteknolohiya na karaniwang ginagamit ng mga guro sa pagtuturo ng panitikan. Batay sa isinagawang survey sa 20 guro mula sa Bauko, napagtanto na ang Microsoft Powerpoint ang isa sa mga pangunahing gamit na kagamitang panteknolohiya. Kasunod nito ang Kahoot na naging lubos na epektibo sa pagtuturo. Natuklasan din na ang pangunahing hadlang sa paggamit ng panteknolohiya sa pagtuturo ng Panitikan ay ang kakulangan sa kasanayan ng mga guro. Kaya't isinasaad na mahalaga ang pagsasanay upang mapalawak ang kanilang kaalaman sa paggamit ng makabagong teknolohiya. Isa pang hadlang ay ang kakulangan ng kagamitan at internet para sa mga mag-aaral. Sa pagtatapos ng pag-aaral, inirekomenda na ang Kagawaran ng Edukasyon ay maglaan ng budget para sa pagsasanay ng mga guro sa paggamit ng makabagong teknolohiya. Kasama rito ang alokasyon ng pondo para sa kagamitan at internet ng mga mag-aaral. Layunin nito ang masiguro ang masusing paggamit ng panteknolohiya sa pagtuturo ng Panitikan, na maglalagay ng mas mataas na kalidad sa edukasyon ng mga mag-aaral sa nasabing lugar.

*Keywords: teknolohiya, pagtuturo, kagamitang pampagturo, pamamaraan, panitikan*

## PANIMULA

### Batayan ng Pag-aaral

Ang guro ay simbolo ng puno na ang kanyang mga ugat ay nahasa at sinubok ng maraming pagkakataon maiparating lamang sa kanyang mga mag-aaral ang kahalagahan ng edukasyon tungo sa kanilang kinabukasan. Ang kanilang mga galamay ay pinanday upang ipagpatuloy ang pagsasaayos at pagdisenyo ng mga kagamitang pampagtuturo na magiging kaagapay nila sa pagtuturo at pagkatuto sa mga mag-aaral sa patuloy na pabago-bagong kurikulum. Ayon nga sa nakararami kinakailangang makisabay sa agos ng panahon sapagkat mabilis ang pagbabago sa ugali at sa pamamaraan ng bawat mag-aaral. Sa Ika-21 na siglo, ayon kay (Dimaano, 2015) kapansin-pansin ang pagbabago at mabilis na pagbulusok sa paggamit ng teknolohiya sa larangan ng edukasyon, ganoon din ang pagbabago sa pamamaraan at teknik na ginagamit sa pagtuturo; hindi na angkop ang tradisyunal na pagdulog dahil hindi na akma sa nakikitang pag-uugali at interes sa mga umuusbong at makatatawag na makabagong Kabataan. Ayon sa pag-aaral, mas natututo ang mga mag-aaral sa pamamagitan ng aktwal na karanasan, kolaboratib o pagtutulungang pagkatuto at ang makabagong dulog gamit ang teknolohiya. Ang mga ito ang pinagtutuunan at dapat maipairal sa sistema ng edukasyon.

Sa isang guro, ito ang magsisilbing hamon at paalala upang laging isaisip na magkakaiba ang paraan ng pagkatuto ng mga mag-aaral. Suntok sa buwan ang paghahanda ng mga kagamitang material sa paghahanda, libro at iba pang mga materyal sa mga paaralan. Kaya totoo ang sabi ng mga nakararami na ang mga guro ay maihalintulad sa mga isinasakripisyong mga tupa dahil sila'y nakadepende sa kanilang mga sahod na siyang magbibigay ng pag-asa na magamit ito hindi isa sariling kapakanan ngunit para ito sa mga tinuturuan. Maraming katanungan ang mga nagsasalimbuyo sa gulong mga isipan ng mga guro kung ang pag-uusapan lamang ay tungkol sa pag-unlad ng kagamitang pampagtuturo. Pinatunayan ni (Tenedero, 2009) na mas mabigat ang tungkuling kinakaharap ng guro sa Filipino sa kasalukuyan kung ikumpara noon dahil sa pagbabago ng Sistema ng edukasyon sa bansa.

Bukod dito, nangangahulugan ito ng personal at kolektibong responsibilidad sa bahagi ng ruro sapagkat nakaumang sa kanya ang pagtuturo at kapakanan ng mga mag-aaral na nasa kanyang pangangalaga. Kaagapay sa pagtiyak sa indibidwal nap ag-unlad ng mga mag-aaral, mahalagang isaalang-alang din ng guro ang pagpapaunawa na malulubos lamang ang kanilang tagumpay kung maibabahagi nila ito sa lipunang kinabibilangan at krusyal ang paglalangkap nito sa estratehiya ng pagtuturo. Ayon kay (DIMAANO, 2015), hindi lamang nangangahulugan na magaling lamang ang guro sa pakikipagtalastasan sa pamamagitan ng mga salita kung hind imaging sa pagpapadaloy sa mga teknolohiya na maging kapaki-pakinabang sa kolaboratibong pagkatuto, maging sa pagganyak, at paggamit nang tamang mga ito. Ang paggamit ng mga kagamitang panteknolohiya sa pagtuturo ay nagbibigay daan para mapabuti ang proseso ng edukasyon at makatulong sa pagkakaroon ng mas mabisang karanasan sa pag-aaral.

Pansinin ang mundo ng mga millenians, lantad na lantad ang katotohanan na ang mga mag-aaral ay nabibilang sa henerasyon na kilalang “net geners”. Marunong silang gumamit ng internet at iba pang anyo ng teknolohiya. Karaniwang umiikot ang kanilang buhay sa mundo ng computer, World Wide Web (WWW), interactive video games o kaya mobile games sa henerasyong ito. Sa Kanilang pagkalantad sa ganitong sitwasyon ay nagiging bihasa sila sa paggamit ng teknolohiya. Maituturing silang virtual team, nagbibid sa online auction, at natututo sa virtual klasrum (PABLO, 2007).

Sa mga nakaraang taon, na obserbahan natin ang patuloy na pagyabong ng teknolohiya. Dahil dito, mas napadali ang akses sa maraming impormasyon sa maikling sandali kung kaya’t maraming mga paaralan ang umangkop sa paggamit ng mga ito. Sinasabing ang mga inobasyon na ito ay nagbibigay benepisyo sa mga estudyante at tumutulong sa kanila na maunawaan ang mga iba’t ibang kaalamang pang-akademiko. Ayon kay (SOTTO 2018), marami sa mga kabataan ngayon ang sumasanguni sa teknolohiya para sa kanilang pag-aaral. Sapagkat hindi lamang kaalaman ang nakukuha nila mula dito nagbibigay din ito sa kanila ng aliw. Ayon kay (GMANUMBAS 2014), patuloy na dumarami ang mga taong gumagamit ng mga gadgets sa kahit saang sulok ng mundo sa kasalukuyan. Bagamat ang Pilipinas ay nabibilang sa mga pinakamahirap na bansa, tayong mga Pilipino naman ay di nagpapahuli sa paggamit ng teknolohiya. Sa makabagong panahon ngayon, ang henerasyong ito ay binabalot na ng teknolohiya. Mula sa walang humpay na masisidhing magandang pangitain, nakakapangiwing katatawanan, ito ang nagpalibang sa lahat ng tao samundolalo na sa kabataan. Puspos ng ‘di matatawarang kamanghaan, ang mga batang kaisipan ay naihatid sa ibang dimensyon ng mundo.

Sa artikulo mula sa pag-aaral nina (BEAUDIN, L. at G. LANCE, 2023), pinagdiinan nila ang tatlong salik na mahalaga sa integrasyon ng computer technology sa pagtuturo. Una, ang kasanayan ng guro sa paggamit ng particular na teknolohiya ay hindi sapat para sila ay magturo ng teknolohiya. Ikalawa, sa madalas na pagbabago ng kapaligiran ng teknolohiya, kailangang pagbalik aralin ng mga guro ang kanilang kaparaanan sa pagtuturo at patuloy na paunlarin ang sarili sa pampropesyunal na aspeto. Ikatlo, marapat na pahalagahan ang pagkakaroon ng bahagi ng computer literasi sa programang pang- edukasyon ng mga guro sa estratehiya ng pagtuturo. Bilang isang guro kailangang maibigay ang mga kolaboratibong kagamitan upang mapalawig at maakit ang mga mag-aaral sa mabisang pagkatuto. Tayo rin dapat maging kaagapay, mag-ambag at mag-ibento para sa epektibong pagtuturo. Marami pang dapat matutunan, bigyang pagkakataon ang sarili bilang guro ng ika-21 siglo na makaagapay s amabilis na hatak ng makabagong teknolohiya tungo sa mabisang pagtuturo (DIMAANO, 2015).

Madaragdagan pa ang mga nabanggit dahil sa patuloy nap ag-inog ng mundo kung kaya kinakailangang mag-isip ng mga paraan, teknik o metodo, estratehiya upang makiayon sa mabilis na pag-unlad ng bansa. Hindi maikakailang ang mga mag-aaral ay magkaiba sa interes, edad, kakayahan, kagalingan at pangangailangan kuung gayon dapat maging malikhain at mapamaraan ang guro sa paggawa ng mga kagamitang pampagtuturo na aayon at angkop sa mga salik sa

pagtuturo at pagkatuto. Makatitiyak ang guro nasa paggamit ng mga ito ay lalong mapapadali ang pag-unawa ng mga mag-aaral sa mga paksa (DINES, 2000). Kung maaari, iugnay ang aralin sa mga pangyayaring naganap na, sa maaari pang maganap at lalong-lalo na sa personal na karanasan ng mga mag-aaral.

Ayon naman kay (MAGAYAM, 2012), bilang pangalawang magulang ay kailangan ng mga talent upang matugunan ang mga pangangailangan ng mga mag-aaral sa kadahilang hindi sila mababagot sa kanilang klase bagkus sila ay gaganahan sap ag-aaral na magbubunga sa pagkahasa ng kanilang kaalaman. Sa ganitong paraan, ang isang malikhaing guro ay makakapagdesenyo ng mga gawaing kawiliwili na ayon sa interes ng mga mag-aaral. Ayon kay (TAMAYO 2014) inilahad niya na ang teknolohiya ay nakapag-aambag na rin sa inaasahang pagbabago sa larangan ng pagtuturo at pagkatuto. Ang guro sa makabagong panahon ay maaaring hindi kayang ibigay lahat ang mga pangangailangan na hinahanap ng kanyang mga mag-aaral. Katulad ng maraming bagong kasanayan at kaalaman na kailangan sa pagpapaunlad ng kurikulum at pagtataya, mga bagong pedagohiya naman ang nalilikha habang ginagamit ng mga guro at mag-aaral ang teknolohiya sa pananaliksik at pagkatuto. Ang suliranin ukol sa umaapaw na impormasyon ay tototo kaya ang mga guro ay napipilitang mamili tungkol sa paggamit ng teknolohiya na maaaring magagamit sa pananaliksik at paghahanap ng mga inobatibong lapit at estratehiya sa pagtuturo.

Sa nagdaang taon, ang DepEd ay nagsakatuparan ng iba't ibang programa at proyekto upang paunlarin ang edukasyon sa elementarya at sekondarya na nagmumungkahi sa mga alternatibong pamamaraan kasama ang Information and Communication Technology (ICT) at Cyber Ed na itinuturing na pinakamagastos na programang pang-edukasyon. Bakit lumabas ang mga ganitong kagamitang pampagtuturo? Kung pagbabasehan ang kasanayan, hindi mabilang ang mga inobasyon, modelo, ideya, at mga teoryang naiisip ng mga tao sa iba't ibang panig ng daigdig. Ayon sa CHED Memorandum 20, Kailangang talasan ang pagsusuri para mailantad ang mga nagtutunggaling pananaw, at kasunod nito, kumilos nang ginagabayan ng mga pananaw na tunay na nagsasaalang-alang sa kapakanan ng sambayanang Pilipino. Ang isa sa dahilan kung bakit naisakatuparan ang kurikulum ay dahil sa layunin ng pamahalaan na makalikha ng mga nagsipagtapos ng mga kakayahang makipagsabayan sa pandaigdigang kalakaran.

Dahil dito malilinang at papasok ang mga mahahalagang katangian na dapat taglayin ng isang guro. Ang laidad at kalinawan ng kagamitang pampagtuturo ay ilan lamang sa mga pangunahing katangiang titiyak sa pagiging epektibo ng pagtuturo at pagkatuto. Mapapatunayan na Malaki ang nakaatang sa balikang ng mga guro na magpakadalubhasa at isabuhay ang mga kagamitang pampagtuturo. Hindi dapat ito nakatago saan mang sulok ng paaralan o nakalagay lang sa ating laptop sapagkat mananatiling legasiya ito na magpapatunay sa isang huwarang guro na nagbigay ng mmalaking ambag hindi lamang sa larangan ng Filipino kundi kasali na rin ang ibang mga asignatura sapagkat sila'y pinagdugtong-dugtong na bituka na hindi nagkakalayo ang paksa o aralin (Ramos, 2008). Ang pagsasanay sa teknolohiya ay masasabing nakatuon lamang sa pangnilalaman at kakayahan ng paggamit nito nakaliligtaan na ang pag-ugnay ng teknolohiya, sining ng pagtuturo at nilalaman.

Bilang resulta, ang mga guro ay natututo ng mga interesadong bagay, ngunit mahihirapan pa rin silang gamitin ito para sa pagkatuto ng mga mag-aaral.

Samakatuwid, may mga iilang gurong napag-iwanan na ng kaalaman sa teknolohiya. Inaasahang sa pamamagitan ng pag-aaral na ito ay malaman at matugunan ang pangangailangan ng mga guro sa Filipino sa pagbuo ng kanilang kagamitang panturo upang maging epektibo ang kanilang pagtuturo. Ang istilo sa pagkatuto ay tumutukoy sa mga kaparaanang mas higit na gusto ng mga mag-aaral sa kanilang pagkatuto. Ito ang kinakailangang magampanan ng guro sa pagtuturo at pagkatuto na siyang binibigyang pukos ng mga administrador sa kanilang obserbasyon.

Sa pag-aaral na ito, maaaring mahikayat ang mga guro sa Filipino na linangin, pahusayin ang kanilang kaalaman at kasanayan sa computer education at paggamit ng iba pang kagamitang pampagtuturo lalo na't nagiging bahagi na ng edukasyon ang paggamit ng kompyuter technology mas lalo sa panahon ng pandemya na COVID 19 na nagbawal sa mga mag-aaral na pumasok sa paaralan kayat napilitan nang gumamit ang mga guro ng mga online flatforms para maturuan ang bawat mag-aaral.

### **Batayang Teoritikal at Konseptuwal ng Pag-aaral**

Ang pag-aaral na ito ay naka-angkla sa mga teoretikal at konseptwal na pag-aaral na nakuha mula sa mga pilosopiya ng pagtuturo ng Filipino gamit ang makabagong teknolohiya.

Ang teoryang constructivism naman ni (Bruner 1966) ay sumasaklaw sa ideya ng pag-aaral bilang isang aktibong proseso kung saan ang mga bagong ideya batay sa kaalaman ay nabuo. Ang isang tao ay may kakayahang mag-organisa ng mga karanasan at bumubuo ng kahulugan ukol dito. Hinahayaan din ang isang tao na bumuo ng mga bagong konsepto mula sa kanyang mga karanasan at tumuklas ng mga bagay at konsepto para sa ikalilintang ng kanyang sarili. Sinusuri din ng tao ang papel na ginagampanan ng mga estratehiya sa proseso na ginagamit upang bumuo ng mga kategorya, pati na rin ang pag-unlad ng katalinuhan ng tao. Inilahad ng teoryang ito sa unang pagkakataon ang ideya na ang tao ay may kakayahang malutas ang mga problema sa pamamagitan ng pagtuklas ng mga paraan upang ma solusyunan ito.

Sa pahayag ni (KOEHLER, M., at MISHRA, P., 2009)), sinasabi niya na "Technological Pedagogical and Content Knowledge (TPACK) attempts to identify the nature of knowledge required by teachers for technology integration in their teaching, while addressing the complex, multifaceted and situated nature of teacher knowledge". Sa pag-aaral na ito, ipinapakita ang pagsasanib ng kaalamang taglay ng mga guro, pamamaraam sa pagtuturo, at ang magagamit na kagamitang panteknolohiya sa pagtuturo. Sinasabi na upang maging ganap na mahusay ang mga guro sa paggamit ng teknolohiya sa pagtuturo ay kinakailangan nilang maranasan, matamo, at mahasa ang lahat ng mga domeyn nito.

Sinasaad sa *K to 12 Gabay Pangkurikulum sa Filipino* (2013) ang layunin nitong malinang ang kakayahang komunikatibo, replektibo / mapanuring pag-iisip at pagpapahalagang pampanitikan ng mga mag-aaral sa pamamagitan ng mga


babasahin at teknolohiya tungo sa pagkakaroon ng pambansang pagkakakilanlan, kultural na literasi, at patuloy na pagkatuto upang makaagapay sa mabilis na pagbabagong nagaganap sa daig2dig. Upang makapagsabayan sa pagbabagong nasasaksihan ngayon, sa henerasyong nakamulatan ng mga mag-aaral, kinakailangan ang pagdeblop ng mga tradisyunal na pamamaraan at tunguhin sa pagkatuto at iangkop ito sa pangangailangan ng mga mag-aaral.

Ginagamit na ang teknolohiya bilang instrumento sa mabisang pagkatuto ng mga mag-aaral sa panahon ngayon lalo na sa pagkalap ng mga impormasyong kakailanganin. Sa iba't ibang paraan at kagamitang naangkop, mula sa paggamit ng kompyuter o ng iba pang teknolohiyang nabibilang sa pagsasakatuparan ng mga aralin, dumadaloy ang kaalaman kahit nasa labas man ng paaralan at nagkakaroon ng epekto ito sa mga mag-aaral.

Ang pag-aaral na ito ay babatay sa kabisaan ng paggamit ng mga kagamitang Technology na ginagamit ng mga guro sa Pamribadong Paaralan ng Munisipyo ng Bauko sa Mountain Province. Ito ay nakaangkla sa paniniwala ni Jerome Bruner na ang mga mag-aaral ay natututo batay sa sariling pagkuha ng kaalaman at impormasyon sa kanyang kapaligiran. Ang guro ay nagpapalano at bumubuo ng mga gawain na tutulong sa mga mag-aaral na manaliksik at magsiyasat sa isang partikular na aralin.

### Paradigma ng Pag-aaral

Ang konsepto ng pag-aaral na ito ay inilarawan gamit ang ugnayan ng input, proseso at awtput. Ang input ay naglalaman ng epektibong kagamitang panteknolohiyang ginagamit sa Pagtuturo ng Panitikang Filipino. Ang proseso ay naglalaman ng mga hakbang na ginamit upang malaman ang kasagutan sa mga guro. Ito ay ang paggamit ng kwalitatibo, deskriptibong pamamaraan, pagpapamudmod ng talatanungan, pagsusuri ng istatistika at interpretasyon ng datos. Ang awtput ay mga kalipunan ng mga epektibong kagamitang Panteknolohiya sa Pagtuturo ng Panitikang Filipino.



Pigura 1 Paradigma ng Pag-aaral

## Paglalahad ng Suliranin

Nakatuon ang pag-aaral na ito na naglalayong masuri ang pinakaginagamit na Information and Communication Technology ng mga guro sa pagtuturo ng Panitikang Filipino sa silid-aralan at pagkatuto ng mag-aaral bilang tugon sa pangangailangan para sa mga sumusunod na katanungan:

1. Ano-ano ang mga ginagamit ng mga guro na kagamitang panteknolohiya sa pagtuturo ng panitikan?
2. Gaano ka epektibo ang mga kagamitang panteknolohiya sa pagtuturo ng Panitikan?
3. Ano- ano ang mga hadlang na nakaaapekto sa paggamit ng panteknolohiya sa pagtuturo ng panitikan?

## Mga Pala-palagay

1. Ang mga ginagamit ng mga guro na kagamitang panteknolohiya sa pagtuturo ng panitikan ay PowerPoint Presentation, Lumi, Kahoot, Free Crossword Puzzle at Free Word Search Puzzle.
2. Lubos na epektibo ang Powerpoint Presentation na kagamitang panteknolohiya sa pagtuturo ng panitikan.
3. Ang mga hadlang na nakaaapekto sa paggamit ng panteknolohiya sa pagtuturo ng panitikan ay kakulangan ng oras sa paggawa at kawalan ng signal.

## DISENYO AT METODOLOHIYA

Inilalahad sa kabanatang ito ang disenyo ng pag-aaral, ang mga tagatugon, lugar at mga instrumento sa pag-aaral, ang paraan ng pagsusuri ng datos, at mga etikal na konsiderasyon ng pananaliksik na isasagawa.

### Disenyo ng Pananaliksik

Ginamit ang deskriptibong pamamaraan sa pag-aaral upang talakayin ang paglalarawan sa mga ginagamit ng mga guro na kagamitang panteknolohiya sa pagtuturo ng panitikan. Ang pamamaraan na ito ang angkop na gamitin ng mga mananaliksik na susukat sa mga datos na sumasagot sa mga katanungan.

Ayon kina Cresswell *et al.* (2011), sa paggamit ng balangkas ng pamamaraang kwalitatibo, maaaring ito ay sa pamamagitan ng interbyu o obserbasyon. Sa kwantitatibong pamaraan naman, susuriin ang mga nakuhang datos sa pamamagitan ng pamamaraang istatistikal. Sa kasalukuyang pag-aaral, kukunin muna ang mga kailangang datos sa pamamagitan ng pakikipanayam. Pagkatapos masuri ang mga ito, isasagawa ang pangalawang hakbang.

### Lokasyon at Populasyon ng Pag-aaral

Ang pag-aaral ay isinagawa sa mga paaralang sekundarya ng Munisipalidad ng Bauko 1, Mountain Province. Ang mga kalahok at tagatugon ay ang mga guro na nagtuturo ng panitikan sa asignaturang Filipino mula sa Ika Pitong baitang hanggang Ika labing dalawang baitang. Ang mga tagatugon ay binubuo ng dalawangpung (20) mga guro.

### Mga Instrumento sa Paglilikom ng mga Datos

Ang pag-aaral na ito ay gagamit ng sarbey sa mga guro upang tukuyin ang mga kagamitang panteknolohiya na kanilang ginagamit sa pagtuturo ng panitikan, masuri kung gaano ka-epektibo ang mga kagamitang panteknolohiyang ginagamit at mabatid ang mga hadlang na nakaapekto sa paggamit ng kagamitang panteknolohiya sa pagtuturo ng panitikan. Magtataglay ang mga sarbey ng mga katanungan at mga inaasahang sagot mula sa mga guro na tutugon sa mga impormasyong kinakailangan sa pag-aaral na ito.

### Pamamaraan ng Pagkuha ng Datos

Ang mga mananaliksik ay magkakaroon ng karagdagang pananaliksik sa mga impormasyon mula sa mga respondente, sa paaralang napili at maging sa iba pang paksang sakop ng pag-aaral. Upang makakalap ng kinakailangang datos na sumusuporta sa inaasahang resulta.

Ang paunang gawa ng mga talatanungan o survey questionnaire ay ipinakita sa tagapayo ng tesis at eksperto ng mananaliksik para sa mga komento at mungkahi. Ang mahalagang input ay nakatulong sa pagpapabuti, pagpipino, at pagpapaunlad sa instrumento. Kung may gagawing pagwawasto, isasama ang mga ito para muling baguhin ang pinal na kopya bago ipamahagi sa mga napiling tagatugon. Sa pag-aaral na ito, mahalagang nalaman ang kahandaan ng mga guro gamit ang kagamitang panteknolohiya sa pagtututo ng panitikan. Ang mga mananaliksik ay bumuo ng mga sarbey na katanungan tungkol dito at ipinasagot sa mga tagatugon.

### Pagsusuring Istatistika

Upang mataya kung gaano kaepektibo ang kagamitang panteknolohiya sa pagtuturo ng panitikan ay ginamit ang frequency count, percentage at weighted mean. Ang Tutukuyin ito sa pamamagitan ng apat na puntusang eskala. Ang katanungan ay ginamit ang apat na puntusang eskala, na mula sa Likert Scale ang mga sumusunod na paglalahad. Mga kagamitang panteknolohiya na ginagamit sa pagtuturo ng panitikang Filipino.

Pag-aantas	Statistical Limit	Palarawang Pag-aantas	Paglalarawan
4	3.26-4.00	Lubos na Ginagamit	LG- Lubos na ginagamit ang kagamitang panteknolohiya sa pagtuturo ng Panitikan.
3	2.51-3.25	Ginagamit	G- Ginagamit ang kagamitang panteknolohiya sa pagtuturo ng Panitikan.
2	1.76-2.50	Di-gaanong Ginagamit	DG- Di-gaanong Ginagamit ang kagamitang panteknolohiya sa pagtuturo ng Panitikan.
1	1.00-1.75	Hindi ginagamit	HG- Hindi Ginagamit ang kagamitang panteknolohiya sa pagtuturo ng Panitikan.

Gaano ka epektibo ang mga kagamitang panteknolohiya sa pagtuturo ng Panitikan

Pag-aantas	Statistical Limit	Palarawang Pag-aantas	Paglalarawan
4	3.26-4.00	Napaka-epektibo	NE- Napaka-epektibo ang kagamitang panteknolohiya sa pagtuturo ng Panitikan.
3	2.51-3.25	Epektibo	E- Epektibo ang kagamitang panteknolohiya sa pagtuturo ng Panitikan.
2	1.76-2.50	Di-gaanong epektibo	DE- Di-gaanong Epektibo ang kagamitang panteknolohiya sa pagtuturo ng Panitikan.
1	1.00-1.75	Hindi Epektibo	HE- Hindi Epektibo ang kagamitang panteknolohiya sa pagtuturo ng Panitikan.

### Etikal na Konsiderasyon

Bago ang pagpapamudmod at pamamahala ng mga talatanungan sa mga repondente, humingi muna ang mananaliksik ng pahintulot sa punong guro ng paaralan. Gayundin humingi ng pahintulot sa mga guro para sa isasagawang pakikipanayam at pagpapasagot sa mga talatanungan. Ang mga direksyon para sa talatangungan ay ipinaliwanag gamit ang mga panuto bago ito isinagawa. Ang pagkuha ng talatanungan ay ginawa nang sabay-sabay nang natapos at nakumpleto ang datos sa talatanungan. Ang mga sagot ay isinaayos at bibigyan ng interpretasyon batay sa kinalabasang nakalap na datos mula sa mga tagatugon.

Ang pag-aaral na ito ay isinagawa at tiniyak ng mananaliksik na nabigyan ng pansin ang mga sumusunod na etikal na konsiderasyon sa pagsaalang-alang sa isinagawang pananaliksik.

Una, tiniyak ng mananaliksikna nakuha ang liham pahintulot sa pinasagot na talatanuungan mula sa mga kinauukulan ng paaaralang pinagmulan ng mga tagatugon ng pananaliksik. Ang mga talatanungna y sinisigurong may kalakip na liham na ibinigay sa mga tagtugon na nagpahayag ng mga sumusunod: 1. ang pagkakakilanlan ng mga tagtugon ay hindi ibubunyag bilang pagsunod sa mga probisyon ng Data Privacy Law; 2. lahat ng mga impormasyon at datos mula sa mga tagatugon ay dapat panatilihing mahigpit na kumpidensyal; 3. ang pagsagot ng mga tagatugon sa mga katanungan ,ibig sabihin ay sumasang-ayon silang lumahok sa pagsasaliksik bilang mga tagtugon; 4. ang mga sagot sa talatanungan ay ipinakita sa pinagsama-samang anyo at hindi bilang mga indibidwal na pananaw , at 5. ang pananaliksik na isinagawa ay pangunahin para sa akademikong pangangailangan lamang.

Ipinahayag ng mga mananaliksik na ang lahat ng kagamitan o mga tuklas na hiniram mula sa iba pang mga napagkuhanan at kasama sa tesis ay maayos na binanggit at kinilala.

### PAGTALAKAY SA MGA RESULTA

Sa bahaging ito nakapukos ang pagsusuri, interpretasyon sa resulta ng pag-aaral, at pagbibigay paliwanag sa mga datos na nakalap sa pananaliksik. Dito rin matutunghayan kung anong kagamitang teknolohiya ang ginagamit ng guro sa pagtuturo ng asignaturang Filipino. Kasama rito ang talahanayang nagpapakita sa kaepektibo nito sa pagtuturo ng Panitikang Filipino.

Sa isinagawang pagsasaliksik at pakikipag-ugnayan sa mga gurong nagtuturo ng asignaturang Filipino ng Bauko 1, Mountain Province, lumabas sa isinagawang pakikipanayam na mayroon silang kakayahan na gumamit ng ilang kagamitang panteknolohiya na kanilang ginagamit sa pagtuturo at pagkatuto. Ang mga ito ay kanilang ginagamit sa pagtuturo.

Talahanayan 1: Mga ginagamit ng mga guro na kagamitang panteknolohiya sa pagtuturo ng panitikang Filipino.

MGA AYTEM	MEAN	DESKRIPSYON	RANGGO
1. Microsoft PowerPoint	3.85	LG	1
2. The Hat	3	G	2
3. Lumi	2.9	G	3.5
4. Free Crossword Puzzle	2.9	G	3.5
5. Free Word Search Puzzle	2.5	DG	5
6. QR Code	2.4	DG	6
7. Kahoot	2.35	DG	7
8. AppsGeyser	1.5	HG	8
Factor Average	2.58	G	

Leyenda:

3.26-4.00	Lubos na ginagamit	2.51 - 3.25	Ginagamit
1.76 - 2.50	Di- gaanong	1.00 – 1.75	Hindi ginagamit

Ipinapahayag ng talahanayan sa itaas na pinakaginagamit o lubos na ginagamit ang kagamitang panteknolohiya na Powerpoint Presentation na tinatayang may mean na (3.85). Lumabas naman na ginagamit ng mga guro ang kagamitang panteknolohiya na The Hat na may mean na (3). Ginagamit na kagamitang panteknolohiya din naman ang Lumi at ang Free Crossword Puzzle na may mean na (2.9). Di-gaanong ginagamit naman ang kagamitang panteknolohiya na Free Word Search Puzzle na may tinatayang mean na (2.5). Gayundin na di-gaanong ginagamit ang kagamitang panteknolohiya na QR Code na may mean na (2.4). Di-gaanong ginagamit rin ng mga guro sa Bauko 1 ang kagamitang panteknolohiya na Kahoot na may mean na (2.35). Lumabas din na hindi ginagamit ng mga guro sa Bauko 1 ang kagamitang panteknolohiya na AppsGeyser na may mean na (1.5).

Mula sa mga nakalap na mga datos ng mananaliksik, ang mga kagamitang panteknolohiya na ginagamit ng mga guro sa pagtuturo ng panitikang Filipino ay napatunayang lahat ay ginagamit mula sa average nitong (2.58). Sa lumabas na

resulta, nangangahulugang aktibo ang mga guro sa paggamit ng mga kagamitang panteknolohiya sa pagtuturo ng Panitikang Filipino. Sang-ayon naman ang mga guro na nakapanayam ng mga mananaliksik na kailangang gumamit ng mga teknolohiya sa pagtuturo sa kadahilanan na upang makasabay sa pagbabago ng istilo ng pagkatuto at pagtuturo.

Ang pag-aaral na ito ay sang-ayon sa pag-aaral ni (DAMAGON, 2020) na paipapakita ng mga guro ang Kalayaan na palawakin ang kasangkapang pampagtuturo sa loob ng klasrum. Nababatid niya ang kabutihan ng angkop na metodo, kagamitang instruksiyunal, estratehiya at Teknik upang mapakilos ang mga mag-aaral. Ang pagkakaroon kasi ng sariling istilo sa pagtuturo ay isang kaparaanang mas higit na nagugustuhan ng mga mag-aaral at nagiging interaksyunal ang klase lalo na kung sinasabayan ng paggamit ng teknolohiya.

### Microsoft PowerPoint

Ito ay isang kagamitang panteknolohiya na ginagamit para makabuo ng isang presentasyon na maaaring maglaman ng iba't ibang uri ng media at link sa iba pang application. Dinisenyo para makapagbigay ng presentasyon na gumagamit ng kompyuter (CEDRE, 2016). Ayon sa kanilang mga pahayag:

Ayon sa kanilang mga pahayag:

*“Kami ay may kakayahan na gumamit ng powerpoint tulad ng pagdadagdag ng slides o paggamit ng Teknik tulad sa slide show, paglagay ng transition at pagbuo ng iba't ibang desinyo.”*

Ang Powerpoint Presentation ay isa sa mga kagamitang panteknolohiya na tinukoy ng mga guro na lubos na ginagamit nila sa pagtuturo ng Filipino. Sinang-ayunan naman ito ng ilang mga guro noong nagkaroon ng pagdiriwang sa isa sa pampublikong paaralan ng Mt. Province. Ayon sa kanilang pagbanggit:

*“Kadalasan powerpoint ang ginagamit sa pagtuturo kasi mas mapapadali ang Gawain at sa paggamit ng oras, hindi kailangang magpakopya ng pagkahaba-habang konsepto sa pisara.”*

Ang mga pahayag na ito ng mga guro, ipinapahiwatig nila na kaya nilang kalikutin at gamitin ang powerpoint para mapagaan ang kanilang trabaho at hindi na ginagahol sa oras sapagkat mayroon silang formatting technique, slide show technique, animation, at transition sa paggamit ng powerpoint presentation. Patunay din ito na Malaki ang maiaambag ng teknolohiya sa kanilang tungkulin bilang mga gurong nagpapakadalubhasa sa asignaturang Filipino at nagnanais na malinang ang kanilang kakayahan upang mabigyan ng malinaw at mahusay na kaalaman ang kanilang mga mag-aaral. May kaugnayan ito sa sinabi ni Jonassen (2008) na “Knowledge is embedded in the technology and technology presents that knowledge to students.” Sinabi pa ni (AGUILAR, 2001) na sa patuloy na paglinang ng mga guro ng kanilang Gawain ay nangangailangan ng ibayong pagtitiyaga, pagtitiis, pagiging pursigido, maparaan, at lakas ng loob.

## The Hat

Ang The Hat na kagamitang panteknolohiya ay pumapangalawa na ginagamit ng mga guro sa pagtuturo sa paraan ng ginagamit ito sa pagtawag ng mga bata na sasagot sa bawat katanungan para hindi lang ang mga mag-aaral na nagtataas ng kanilang kamay ang parating nagbabahagi ng kanilang kaalaman. Idinagdag pa ng isang guro na:

*“Maymayat na the hat si usaren ay man group si studyante tay adida piliin na ka group da. Mabalín abe ay siya na usarem ta baken always counting mas karo no wada di COT (Classroom Observation) ta adi masayang oras. (Magandang gamitin ang The Hat sa pagbibigay ng grupo para hindi mag-aaral ang pipili ng kanilang kasama at para hindi parati na pagbibilang ang gagamitin mas mapapadali ang pagbibigay ng grupo at hindi masasayang ang oras laluna kung may Classroom Observation.”*

Kapansin-pansin sa mga sinabi ng mga kalahok na sa kanilang pagtuturo ay dapat bigyang halaga at paunlarin ang kaayusan, kagandahan, balance, at proposiyon sa paggamit ng mga ito sa paningin ng mga mag-aaral. Talaga namang nakikita ang pag-ariba ng mga guro sa paggamit ng ganitong aplikasyon sa kanilang sinumpaang propesyon na makapagbigay ng kalidad na pagtuturo (ABUAN, 2008) Sang-ayon nga kina (CHING, G. at PEDRASTA, 2011), Ang rebulosyong teknolohiya para sa edukasyon ay nagpapatunay lamang na ganap at ito’y nagaganap pa dahil ang layunin ng teknolohiya noon ay mapabilis ang trabaho ng mga manggagawa at gawaing opisina hanggang sa umabot sa puntong gagamitin ito sa larangan ng edukasyon.

Lumabas sa survey na ang Appsgeyzer ay mean na (1.5) na nangangahulugang hindi ginagamit ng karamihan sa guro sa kadahilanan na binanggit ng ilang guro na:

*“Naligat ay amagen kasapulan nan internet. Mamingsan adi cumpatibel nan cellphone di uubing ta ma access da. (Mahirap na gawin ang AppsGeyzer dahil kailangan ang malakas na Internet at kailangan na compatible ang cellphone ng mga mag-aaral sa kagamitang panteknolohiya).”*

Dagdag pa ng isa na: *“Mabagal ang internet sa lugar na kanyang pinatuturuan kaya hindi niya magagamit.”*

Pinapatunayan ng mga nabanggit na ito ay hindi ginagamit ng mga guro dahil sa mga sagabal at hindi kayang kontrolin na mga pangyayari. Makikita din na sa ibang parti ng Bauko ay may mga walang signal o kaya mabagal ang access sa signal ng internet.

Ang kabuuang Factor Average ay (2.58) na nangangahulugang ginagamit ang mga kagamitang panteknolohiya. Ang pagkakaroon ng hangaring makatulong at makapagbigay ng di matatawarang abot-kayang serbisyo sa makapaghubog ng mga mag-aaral na magiging ehemplo sa Lipunan ang siyang nag-uudyok sa mga guro na magpatuloy na pakainin ang kanilang mga sarili at patuloy na makisayaw kahit sa mga kawing-kawing na daan patungo sa mas namumulaklak na kinabukasan. Ayon

nga kina (DONALDSON, S. at KO I., 2010), ang pagkakaroon ng pag-asa bilang isang indibidwal ay may tatlong bahagi na tinatawag na pagpapalakas sa kalooban, pagtahak sa tamang proseso ng pagtuturo, at pagtalunton sa layunin o mithiin para sa mas mahusay na pagtuturo. Isiniwalat din ni (DUBRIN, 2009) na ang kahalagahan ng maparaang paggamit ng teknolohiya para mapahusay ang pagtuturo ay nagkakaroon ng epekto sa mga mag-aaral upang mapataas ang kanilang performans sa Filipino.

**Talahanayang 2: Gaano kaepektibo ang mga kagamitang Panteknolohiya sa Pagtuturo ng Panitikang Filipino**

Makikita sa talahanayan 2 kung gaano kaepektibo ang mga kagamitang panteknolohiya sa pagtuturo ng Panitikang filipino sa Distrito ng Bauko 1 sa Mountain Province.

<u>MGA AYTEM</u>	<u>MEAN</u>	<u>DESKRIPSYON</u>	<u>RANGGO</u>
1. Microsoft PowerPoint	3.85	NE	1
2. Kahoot	3.33	NE	2
3. The Hat	3.23	E	3
4. Free Word Search Puzzle	3.20	E	4
5. Lumi	3.17	E	5
6. QR Code	3.13	E	6
7. Free Crossword Puzzle	3.11	E	7
8. AppsGeyzer	2.74	E	8
9. Kotoobe	2.54	E	9
<b>Factor Average</b>	<b>3.14</b>	<b>E</b>	

Leyenda:

3.26-4.00	Napakaepektibo	2.51 - 3.25	Epektibo
1.76 - 2.50	Di Gaanong Epektibo	1.00 – 1.75	Hindi Epektibo

Mula sa mga kagamitang panteknolohiya ay napatunayan ang Microsoft Powerpoint na napaka-epektibo na may mean na (3.85). Pumapangalawa naman dito ang Kahoot na napakaepektibo na may mean na (3.33). Ang kagamitang panteknolohiya na The Hat ay lumabas na epektibo sa mga mag-aaral na may mean na (3.23). Ang Free Word Search Puzzle ay epektibo rin na ginagamit na may mean na (3.20). Epektibo rin ang kagamitang panteknolohiya na Lumi na may mean na (3.17). Ang QR Code ay lumabas na epektibo na may mean na (3.13). Epektibo rin ang Free Crossword Puzzle na may mean na (3.11). Sumunod naman ang kagamitang panteknolohiya na AppsGeyser na epektibo na may mean na (2.74). Epektibo rin ang kagamitang panteknolohiya na Katoobe na may mean na (2.54).

Sa lumabas na resulta, ipinapakita na ang mga mag-aaral ay epektibo sa kanila ang paggamit ng powerpoint presentation at Kahoot upang maisakatuparan ang mabisang pagkatuto nila. Sinag-ayunan naman ito ng mga guro na nakapanayam namin na mas nakukuha ang atensyon at nagaganahan ang mga mag-aaral na makinig.

Ika nga ni (PALAZO, 2003) na kailangang tignan ang interaksyon hindi lamang bilang aspeto sa pagtuturo ng wika kundi pangunahing katotohanan sining ng pagtuturo. Ayon sa isang guro:

*“Gapu siman usar di powerpoint presentation, makasapo kami si ad-adu ay lektyur mi et maila mi nan dakel ay tulong na sinan eskwela karo kendakami ay tisers. (Dahil sa powerpoint presentation, nakahanap kami ng mga magagamit sa talakayan at nakikita naming Malaki ang naitutulong sa mga mag-aaral at sa aming mga guro).”*

Kaya masasabing napapatindi at napapasabak ang mga guro sa integrasyon ng ICT dahil sa paglulunsad ng Departamento ng Edukasyon ang 21<sup>st</sup> Century Education for All Filipinos, Anytime, Anywhere sa tulong ng ICT4E strategic plan na naglalayong mabigyang pansin ang mga Pilipinong mag-aaral na lantad sa digital literacy upang isulong ang paglinang ng malikhain o kritikal nap ag-iisip, epektibong komunikasyon, maliikhaing kolaborasyon at mataas na bunga ng produksiyon (Nunez, 2010). Kinilala rin ng mananaliksik na ang positibo at malawak na pang-unawa ng mga guro ng Filipino sa paggamit ng kagamitang panteknolohiya ay kailangan para sa mabisang paggamit ng teknolohiya sa silid-aralan.

Ang Kahoot ay isang libreng tool na nagbibigay-daan sa mga propesyonal sa edukasyon kakayahang magturo sa isang masaya at nakakaaliw na paraan, ginagawa itong isang napaka-enriching interactive na karanasan. Maaaring gamitin ang naturang application sa mga computer o mobile device. Ang pinakamagandang bagay tungkol sa tool na ito ay perpektong pinagsama nito ang pagtuturo sa kasiyahan, isang bagay na mahalaga dahil ang mga mag-aaral ay matututo sa isang kasiya-siyang paraan at hindi nababato. Ang mga larong ito ay maaaring mga puzzle o trivia na mga tanong. Ngayon ito ay isang tool na may malaking impluwensya sa antas ng edukasyon sa isang makabuluhang bilang ng mga tao sa buong mundo. Bukod sa mga guro, ito ay isang parehong wastong tool para sa mga tagapamahala ng kumpanya na gustong magturo o mag-aral sa isang masaya at epektibong paraan. Ang nakakuha naman ng pinakamababa ay ang Kotoobe na Epektibo (2.54). Ayon sa nakapanayam ko na guro ay sinabi niya na Epektibo ang kagamitang panteknolohiya sa pagtuturo ng Panitikan subalit kailangan ang mahabang oras para bumuo ng gawain at isagawa.

Malaking hamon ito hanggang sa kasalukuyan kung paano maging isang mabisang instrument hindi lamang sa paaralang kumakanlong sa kanila na maibigay ang pangangailangan ng kanilang mag-aaral nang buong husay at hindu inaalala araw-araw ang mga gawaing pagsasanay. Kaya masasabing ang mga guro ay naiipit sa mga nag-uumpukang mga bato sa kabila ng mga suliranin sa agarang paglalapat ng mga gawain na ihahain ng Departamento ng Edukasyon na kailangan ang iabyong pagsasakripisyo upang mapaunlad lamang ang sarili at para ito sa kanilang kapakanan at ikakahusay sa

pagtuturo at pagkatuto para sa kalidad ng edukasyon. Ang pangkalahatang lumabas ay Epektibo ang mga kagamitang pampagtuturo sa Panitikang Filipino na may average na (3.14).

### Mga hadlang na nakaaapekto sa paggamit ng panteknolohiya sa pagtuturo ng Panitikang Filipino

Natuklasan na may mga hadlang na nakaaapekto sa paggamit ng kagamitang panteknolohiya sa pagtuturo ng panitikan. Mula sa pakikipanayam sa mga guro ng Distrito 1 ng Bauko, lumabas na nakaaapekto ang kawalan ng signal sa lugar at ang kakulang ng oras sa paggawa ng kagamitang panteknolohiya. May ibang lugar sa Bauko na kung saan mahina talaga ang signal kaya isa itong hamon na nakaaapekto sa paggamit ng mga guro sa mga kagamitang panteknolohiya. Ang kawalan ng oras sa paggawa ng kagamitang pangturo ay isang hamon sa mga guro sapagkat kinakain nito ang oras lalo na't alam naman nating ang pagiging isang guro ay pagsasakripisyo. Ang kawalan ng interes ng mga mag-aaral sa mga paksa o sa asignatura ang isa ring hamon na nakaaapekto sa paggamit ng mga kagamitang panteknolohiya. Kahit na pinaghandaan mo ang iyong kagamitang panteknolohiya kung hindi rin interesado ang mga mag-aaral ay walang silbi ito sapagkat hindi sila matututo.

## KONKLUSYON AT REKOMENDASYON

### Konklusyon

Nabuo ang mga sumusunod na konklusyon pagkatapos matukoy, masuri at mabigyan ng interpretasyon ang suliranin.

1. Ang lubos na ginagamit ng mga guro na kagamitang panteknolohiya ay PowerPoint Presentation, LUMI.
2. Lumabas sa pag-aaral na napaka-epektibo ng Powerpoint Presentation at Kahoot sa pagtuturo ng Panitikang Filipino.
3. Sa usaping kagamitang panteknolohiya na paggamit sa edukasyon na kailangan sa pagtuturo at pagkatuto sa mga guro ng Filipino ay kailangan pa ng lubos na pagplapano at ibayong paghahanda bilang kagamitang pampagtuturo.
4. Pinakahadlang na nakaaapekto sa paggamit ng panteknolohiya sa pagtuturo ng panitikan ay kakulangan sa kasanayan kaya kailangan ang pagsasanay para sa kanila at kakulangan ng kagamitan at internet na gagamitin ng mga mag-aaral.

### Rekomendasyon

Batay sa kinalabasan ng pag-aaral at mga nabuong konklusyon, ang mga sumusunod na rekomendasyon ay itinatagubilin:

1. Maliban sa Microsoft Powerpoint at the hat, kailangan ding pag-aralan ng mga guro ang mga iba pang kagamitang panteknolohiya sa pagtuturo para makasabay sa pagbabago ng panahon.

2. Ang Departamento ng Edukasyon ay kailangang maglaan ng budget para sa pagsasanay ng mga guro sa paggamit ng makabagong teknolohiya at budget para sa kagamitan na gagamitin ng mga mag-aaral.
3. Kalipunan ng mga epektibong Kagamitang Panteknolohiya sa Pagtuturo ng Panitikang Filipino na nakabase sa MATATAG Kurikulum.

### TALASANGGUNIAN

1. ABUAN, A. (2008). *Computer Competency of Teachers in the Different Secondary Schools of Baguio City*. Baguio City, Philippines: Unpublished Thesis. Saint Louis University.
2. AGUILAR, T. (2001). *Tensions Between The Culture of Higher Education*. (U. o. Colorado, Producer) Retrieved Nobyembre 21, 2023, from [http://www.researchgate.net/publication/315731195\\_Bridging\\_Cultural\\_Gaps\\_Between\\_Higher\\_Education\\_and\\_Diversity](http://www.researchgate.net/publication/315731195_Bridging_Cultural_Gaps_Between_Higher_Education_and_Diversity)
3. Base, A. P., Guzman, A. M. D., Killa, M. T., Lumbiag, J. R., Lunag, J. L., Pascaden, P. B., & Sebulen, M. T. SALIK SA PAGTUTURO NG FILIPINO SA ELEMENTARYA: ISANG PAGSUSURI SA LUNGSOD NG BAGUIO. *Cognizance Journal of Multidisciplinary Studies*, 3(11), 9–18. <https://doi.org/10.47760/COGNIZANCE.2023.V03I11.002>
4. BEAUDIN, L. at G. LANCE. (2023, Nobyembre 5). *Intergration of Computer Technology in the Social Studies Classroom*. Retrieved from An Argument for a Focus on Teaching Methods: <http://www.ualberte.ca/css/index.htm#article>
5. CEDRE, R. K. (2016). *Ang sining ng Pagtuturo ng Filipino sa Kurikulum na K to 12*. # 16 Concha St., Tinaejeros, Malabon City.
6. CHING, G. at PEDRASTA. (2011). Retrieved Nobyembre 19, 2023, from <http://www.consortiacademia.org/index.php/ijrsc/article/view/8/9>
7. DAMAGON, C. N. (2020). Paggamit ng mga guro ng iba't ibang computer application program sa pagtuturo ng asignaturang Filipino. Unpublished Master's Thesis , Benguet State University, Benguet La Trinidad.
8. DIMAANO, R. R. (2015). *Pilipinong Guro sa ika-21 Siglo*. Sun.Star Pampanga.
9. DINES, E. (2000). Karagdagang Kagamitang Pampagtuturo sa Panitikang Filipino sa Antas Tersarya ng Benguet State University. Benguet State University, La Trinidad Benguet.
10. DONALDSON, S. at KO I. (2010). Positive Organizational Psychology, Behavior, and Scholarship: A Review of the emerging Literature and Evidence Base. *The Journal of Positive Psychology*, 5:3, 177-191.
11. DUBRIN, A. J. (2009). Retrieved Disyembre 2, 2023, from Upper Saddle River, NJ: Pearson Education: <http://books.google.com>
12. KOEHLER, M., at MISHRA, P. (2009). What is technological pedagogical content knowledge? *Society for Information Technology & Teacher Education*, 9. Society for Information Technology & Teacher Education, 9.
13. MAGAYAM, M. (2012). Estilo sa Pagkatuto at Performans sa pagbasa ng mga Mag-aaral sa Filipino IV ng Pinsao National High School. Unpublished Master's Thesis. Benguet State university, La Trinidad, Benguet.
14. PABLO, Z. (2007). The Discourse Construction of Metaphors on Web-Based Portals. *The Case of Research in Science, Computing and Engineering*, 4 no.2(De La Salle University, Manila, Philippines.).
15. PALAZO, M. (2003). Sikolinggwitikag Pagsusuri sa Pagsulat ng Talaarawan ng mga Mag-aaral sa Unang Taon ng Benguet State University. La Trinidad, Benguet: Unpublished Master's Thesis. Benguet State University.
16. TENEDERO, H. (2009, Nobyembre 22). Impact of learning-style instructional strategies on students' achievement and attitudes: Perceptions of educators in diverse institutions. Retrieved from <http://digitalcommons.liberty.edu/>.
17. Kidlo, R. B., Winnie, P. S., Orowan, N. N., Orrie, B. M., Tubao, L. C., & Sebulen, M. T. (2023). Evaluating DEAR and BAG-IW for elementary grade learners' reading comprehension: An action research. *\*Cognizance Journal of Multidisciplinary Studies\**, 3(11), 246-258. <https://doi.org/10.47760/cognizance.2023.v03i11.017>